# Muli Niyang Gagawin

A Lord's Flock General Assembly Topic
Sis. Techie Rodriquez, Elder-Founder
August 8, 2020

Hindi kailanman nagbabago ang Diyos; Si Jesu-Cristo noong nakaraan ay siya rin sa kasalukuyan at siya rin magpakailanman (Heb. 13:8). Kung ano ang nagawa Niya noon, magagawa Niyang muli.

**1.Hindi nagbabago ang Diyos, tinutupad Niya ang Kanyang pangako.**

1.1 "Ako si Yaweh at hindi ako nagbabago" (Mal3:6).

1.2. "Dili-dilihin ninyo ang matagal nang nakaraan. Inyong kilalaning ako lamang ang Diyos, at liban sa akin ay wala nang iba. Sa simula pa'y hinuhulaan ko na at aking inihayag kung ano ang magaganap. Sinabi kong ang balak ko'y tiyak na mangyayari, at gagawin ko ang lahat ng gusto kong gawin" (Is. 46: 9-10).

**2. Huwag limutin ang mga nakaraang kabutihan ng Diyos.**

2.1. Ipinaalala ni Moses sa mga tao paano sila tinulungan ni Yaweh na makalabas sa Ehipto ( Dt. 7:17-19).

2.2. " Si Yaweh ay pupurihin, pupurihin mo, kaluluwa, ang pangalan niyang banal purihin mo sa tuwina. Ikaw, aking kaluluwa, ang Diyos ay papurihin, at huwag mong lilimutin yaong kanyang kabutihan" (Awit 103:1-2).

**3. Ang maka-Kristiyanong kantang, *"Do It Again"* ng *Elevation Worship*, ay mahusay na ipinaliwanag ito:**

3.1. Lumiligid ako sa pader, iniisip ko babagsak na ngayon. Ngunit hindi Mo pa ako binigo.

- Sa Josue 6, bumagsak ang pader ng Jerico noong sumunod ang mga Israelita sa utos ni Yaweh na liligid sa palibot ng siyudad minsan sa isang araw at sa ika-7 araw, makapito silang liligid sa lungsod at hihipan ang tambuli, at sisigaw nang ubod lakas.
- Kaya't alalahanin natin ang Diyos, na nagpabagsak sa mga pader ng Jerico, na kaya rin Niyang ibagsak ang ating mga sariling pader kung susunod tayo sa Kanya.

3.2. Naghihintay ng darating na pagbabago, dahil nalupig na ang kalaban. Ang laban ay hindi atin, ito'y sa Diyos (2Cro.20:15).

3.3. Hindi nagbabago ang pangako Mo. Ang katapatan ng Diyos ay dakila.

- Tumutupad ng pangako ang Diyos.
- Nalalang ang sanlibutan sa salita Niya (Heb.11:3). Pinagaling Niya ang alipin ng Kapitan dahil sa kanyang pananalig (Mt.8:13). Kung anong lupain ang ipinangako Niya kay Moses ay iyon din ang ipinangako Niya kay Josue (Jos.1)
- Ang katapatan Niya ay laging bago tulad ng bukang-liwayway (Lam. 3:22-23). Hindi Niya ipahihintulot na tayo'y subukin nang higit sa ating makakaya (1Cor 10:13).

3.4. Ako'y nasa kamay Mo pa. Ito'y aking pananalig. Hindi mo pa ako binigo.

- "Si Yaweh ay laging malakas upang iligtas ka, hindi Siya bingi't ang mga daing mo ay diringgin Niya" (Is 59:1).
- "Huwag kayong mabalisa; manalig kayo sa Diyos at manalig din kayo sa akin" (Jn14:1)

3.5. Alam ko darating din ang umaga. Matutupad ang iyong salita.

- Sumasagot ang Diyos sa huling sandali. Sa Gawa 16 ng maghahatinggabi, nakalabas sa bilangguan sina Pablo at Silas.
- "Mangyayari sa inyong kapanahunan ang lahat ng aking sasabihin" (Ez. 12:25). "Mawawala ang langit at lupa, ngunit ang salita ko'y hindi magkakabula" (Mt.24:25).

3.6. Muling magpupuri ang aking puso.

- Tuwing nagpupuri tayo sa Diyos, nakatuon tayo sa kanyang katangian, hindi sa ating suliranin.

3.7. Nakita kong gumalaw Ka, nailipat Mo ang bundok. Naniniwala akong makikita ko na magagawa Mong muli.

- "Mangyari sa inyo ayon sa inyong paniniwala" (Mt. 9: 29).

Ang Panginoon ay nagpapagaling, nagkakaloob, nagliligtas, kanlungan, at kaibigan. Ang Diyos, na nakakikita sa atin sa panahon ng ating paghihirap, ay kaya Niyang gawin muli.

**Pagninilay:**

Tuwing may problema bang dumarating, nagrereklamo ka at nakalimutan mo na ang mga ginawa ng Diyos?

Manatili tayong matatag sa ating pananampalataya. Iniligtas Niya tayo noon, at tiyak na magagawa Niyang muli.

**Isinalin ni: Sis. Nida Cruz**
**Na-edit ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**Naaprobahan ni: Sis Vera I. Tuplano**
For more teachings, please visit our website:
www.lordsflock.org/Teachings/ReadingMaterials